# LINDOL!

1. **Tiyaking kayo ay ligtas.**
2. **Isara ang gaas.**
3. **Magtungo sa shelter.**

Palagiang may lindol dito sa Japan. Kayo ba ay naghahanda? Una, siguraduhing kayo ay nasa ligtas na kalagayan,pangalawa isara ang mga gamit na maaring pagsimulan ng sunog . Ikatlo, magtungo sa shelter.



Alam ba ninyo kung saan ang main valve ng gaas?

1、**Tiyaking kayo ay ligtas!** ・・・Ayusin ang mga kagamitan sa mga kuwarto ng bahay at lagyan ng mga pansangga para huwag madaling bumagsak lalo na pag may lindol.

2、**Patayin o isara ang mga kagamitan na maaring pagsimulan ng sunog** ・・・“Kung may lindol patayin kaagad ang apoy”.Isang kasabihang dapat nating tandaan. Siguraduhing nakasara ang gaas at pagkatapos kung maari ay isara din ang main valve. Dapat tayong mag-ingat sa sunog na kadalasan ay pangalawang kasunod ng lindol at mga disastrong natural.

Alamin natin kung saan ang main valve ng gaas at palagiang linisin natin ang paligid nito.

3、**Alamin ang lokasyon ng refuge center o shelter na malapit sa inyong tirahan** ・・・ Kasama ang inyong pamilya, pag-usapan ang mga dapat gawin kung sakaling magkaroon ng malaking lindol, kung saan magtatagpu-tagpo at papaano makokontak ang bawat isa lalo na kung magkakahiwalay. May kanya-kanyang designadong refuge centers ang bawat bayan at syudad. Alamin ang lokasyon ng refuge centers na pinakamalapit sa inyong tirahan o maaring magtanong sa city o town hall.


## Malaking pagtitipon para sa mga banyagang residente

**Fujimishi International Exchange Forum**

**Heart to heart *de Otomodachi***
**(Magkaroon ng mga bagong kaibigan )**

Isang malakihang pagtitipon at pagsasama-sama ng mga Hapong residente at mga banyagang naninirahan, nagtatrabaho o nag-aaral dito sa ating komunidad.. Halina kayo at isama ang inyong pamilya.!

★Kailan : Oct. 16 (Sun.) 12:30〜16:30
★ Saan : Municipal Fujimino Exchange Center (Malapit sa Fujimino station )
★Programa :
［Main］Magsuot tayo ng kimono at magpakuha ng litrato,seremoya ng chaa・tai chi chuan・makipag-usap sa mga bisita・hanamoji (tradisyonal na artes ng Intsik, bulaklakang letra)
［Mga lutong pagkaing banyaga］ at iba pang atraksyon
［Opinyon ng mga banyagang residente sa Japan］”Speeches sa salitang Hapon” ng mga Banyagang residente



● Tagapamahala :Fujimishi, Fujimishi Board of Education, Fujimi International Friendship Association

● **Simula Oct. 1 bawat miyembro ng pamilya ay magkakaroon ng sariling kopya ng national health insurance certificate**

Mula Oct.1, iisyuhanan na ng sariling sertifikasyon ng national health insurance ang bawat miyembro ng pamilyang nakapasok sa insurance. Kasing laki ng isang telephone card ang bagong certificate. Ang bagong certificate ay ipapadala ngayong katapusan ng Sept.,kasama ang sertipikasyon ng pagkatanggap. Kung wala kayong natatanggap, tumawag lamang sa the insurance pension section ng city office o sa branch office. Ang lumang certificate ay hindi na magagamit mula Oct.1 .Ingatan lamang na huwag mawawala ang certificate

## October 1 ay National Census Day

**Pupuntahan kayo sa inyong bahay ng isang kawani ng Census mga katapusan ng Septiembre at bibigyan kayo ng porma. Lagdaan lamang ito hanggang Oct. 1 at pupuntahan ulit kayo para kuhanin ito.**

## Inaanyayahan!
### volunteer na guro ng Chinese

- Kailan : tuwing Biyernes
- Oras: 10:00 am to 12:00
- Saan: Fujimino International Cultural Exchange center
- Hindi kailangan ang mataas na kwalipikasyon

Inaanyayahanan din ang mga Chinese na kasalukuyang nag-aaral ng Nihonggo. Hindi kailangang magaling kayo sa Nihonggo. Maraming Hapones ang interesadong mag-aral ng Chinese . Sa inyong pagtuturo ay matututo din kayo sa Nihonggo.

Inaanyayahan namin kayo sa open forum ukol sa pamamalakad at serbisyong publiko para sa mga banyagang residente sa Kamifukuoka-shi. Tatlong forum ang gaganapin sa iba’t ibang community halls. Tumatanggap na ng mga aplikante na nais sumali sa nasabing mga forum. Para sa detalye tumawag sa FICEC (phone no. 275-0370).

Unang forum: Oct. 26 (Wed.)
Pangalawa forum: Nov. 17 (Wed.)
Pangatlo: Jan. 15 (Wed.) 2006

### ● Alam ba ninyo ang ibig sabihin ng “Trafficking”

Noon ang salitang “Trafficking” ay tumutukoy lamang sa .pagbebenta ng mga drugs o bawal na mga gamot pero sa ngayon ay tumutukoy na rin ito sa pagbebenta ng tao,kalimitan mga bata at kababaihan. Mayroon din ganoong trafficking dito sa Japan. Kaya kung kayo ay makabalita o kaya may lumapit sa inyo tungkol dito, kontakin lamang ang FICEC. Isinasagawa ng pamahalaang Hapon para magkaroon ng batas laban dito at tatalakayin sa Diet session .

### ● Bagong Fujimino-shi ay simula ngayong October 1, 2005

**Alam ba ninyo na pagsasamahin na ang Kamifukuoka-shi at Oi-machi? At ang bagong syudad ay magiging Fujimino-shi. Gayundin, ang organisasyon at mga pangalan ng mga seksyon sa munisipyo ay magbabago rin . Tatalakayin ang tungkol sa mga pagbabagong ito sa susunod na isyo. Kung may nais kayong itanong, tumawag lamang sa planning section ng city o town hall.**